Republic of the Philippines
# Department of Education
REGION IX
SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE

RECORDS SECTION
DepED, Division of Zambo. Norte
No:
Date: 10 AUG 2023 By:
RELEASED

**Opisina ng Tagapamanihala ng Sangay**

Agosto 10, 2023

Memorandum Pansangay
Blg. 339, 2023

**PAGBIBIGAY NG *SERVICE CREDIT* SA MGA GURO SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2023**

Sa mga: Tagamasid Pampurok
Punongguro ng Elementarya at Sekundarya
Mga guro sa Filipino

1. Nais ipabatid sa mga kinauukulan ang pasasalamat at pagtanaw sa kadakilaan ng bukal sa pusong paglilingkod at ambag ng mga guro, Punongguro at Tagamasid Pampurok sa patuloy na pagsasagawa ng mga gawain sa Buwan ng Wika sa kabila ng katotohanang nataon ito sa bakasyon.

2. Dahil sa marubdob at matapat na serbisyo ay sadyang gagawaran ng tatlong araw na *service credit* ang mga guro,tagasanay at komite na kasali at may tungkuling ginagampanan sa pampaaralan, pandistrito at pang-klaster na antas ng paligsahan sa Buwan ng Wika 2023.

3. Ang pipirma sa kanilang *Daily Time Record (CSC Form 48)* ay Punongguro para sa Pampaaralan, Tagamasid Pampurok sa Pandistrito at Pangulo ng Klaster na Tagamasid Pampurok para na rin sa Pang-klaster na lebel ng patimpalak.

4. Inaasahan ang mga guro na makipag-ugnayan sa *Administrative Officer* ng kanilang paaralan o distrito para sa mga kailanganing dokumento (DTR, Sertipiko ng Paglahok, *Certificte of Appearance* at iba pa) para sa pagpa-aproba ng kanilang Gawad na *service credit* sa Tagapamanihala ng Sangay.

5. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**ROY C. TUBALLA EMD, JD, CESO VI**
Tagapamanihala Ng Sangay

CIDads/2023 Pagbibigay Ng *Service Credit* Sa Mga Guro-Buwan ng Wika /DM 15-2023/08102023